**Ang Dalagang Pilipina**

Ang Dalagang Pilipina
Parang tala sa umaga
Kung tanawin ay nakaliligaya
May ningning na tangi
At sariwang ganda
Maging sa ugali
Maging sa kumilos
Mayumi, mahinhin
Mabini sa lahat ng ayos
Malinis ang puso
Maging sa pag-ibig
May tibay at tining ng loob

(koro)

Bulaklak na tanging marilag
Ang bango ay humahalimuyok
Sa mundo'y dakilang panghiyas
Pang-aliw sa pusong may hirap
Batis ng ligaya at galak
Hantungan ng madlang pangarap

Iyang ang dalagang Pilipina
Karapat-dapat sa iasang tunay na pagsinta.